
# Magasin ng BAGONG Buhay

Linggo, Agosto 19, 1951

LIBRARY
AUG 29 1951




**RIALTO—AGOSTO 25 -- SEPTIYEMBRE 3**



**Nita Hermosa**

*Bagong sumisikat na bituin ng LVN Pictures. Marami ang humuhulang siya'y dagling magluluningning sa langit ng pelikulang tagalog dahil sa angking karilagan at sa ipinamamalas na katangian sa pagkilos sa harap ng kamera.*

*Bagong Buhay


## Higit na Kinatatakutan Kaysa Sandata . . .




Nalathala kamakailan sa "The Louisville Courier-Journal," Louisville, Kentucky, Estados Unidos


---

## "Gilingan" ng Pulahan




Nalathala naman sa "The Manchester Morning Union," Manchester, New Hampshire, Estados Unidos

# ALAM BA NINYO?




*ANG LARONG* **BASKETBOL,** *AY TINUKLAS NI JAMES NAISMITH NOONG TAONG 1891 SA YMCA COLLEGE SA SPRINGFIELD, MASS. KALIMITANG GINAGANAP SA LOOB NG ISANG NAKUKULONG NA PALARUAN, ANG BASKETBOL AY PINAGTUTUNGGALIAN NG DALAWANG KOPONAN NA ANG BAWA'T PANGKAT AY NAGSISIKAP NA MAKAPAGBUSLO NG BOLA UKOL SA KANIKANILANG PANIG.*

**"OKLAHOMA A & M"** **basketball type championship tennis shoes.**



**Katulad ng ibang kinagigiliwang laro sa palakasan, ang basketbol ay nangangailangan ng malinis na pamamaraan ng bawa't koponan, lakas ng katawan, bilis at tatag ng isipan, at maliksing pagkilos ng mga paa. Nguni't ano man ang larong piliin ninyo, laging tiyakin ang inyong sarili sa isang ganap at kasiyasiyang laro sa pagsusuot ng nangungunang sapatos na goma sa kapuluan. Sa moda, halaga at pagtatagal, ang mga sapatos na gomang JACINTO ay hindi magagapi!**


Jacinto
RUBBER & PLASTICS CO., INC.
5TH AVENUE, GRACE PARK • TEL. 2-67-62



# Sa Kaarawan Ng Pangulo Ng Premiere Productions

**Mga larawang kuha ni BEN ROXAS**

ISA PANG makulay na kabanata ang naparagdag sa buhay ni Dr. Ciriaco Santiago, pangulo ng Premiere Productions, Inc., nang maluwalhating ipagdiwang ang kanyang kaarawan noong ika-8 ng Agosto. Kabilang sa mga nagsipaghandog ng pagbati sina Linda Estrella (makikita sa larawan sa kaliwa), Hukom at Gng. Jose O. Vera ng Sampaguita Pictures, Gng. Jose Perez, Benigno Aquino, Jr., Gng. Adela H. Santiago, Tessie Quintana, Johnny at Efren Reyes, at Mannie de Leon ng LVN.



Si Dr. Santiago, sa piling ng kanyang maybahay na si "Aling Adela" at ng malalapit na kamag-anak, na masasayang napakuha ng larawan pagkatapos ng masaganang hapunang pinagsaluhan ng mga naging panauhin.



Sina Direktor at Gng. Manuel Conde at ang bituing si Joan Page ay di rin nakalimot na maghandog ng "maligayang bati" sa pangulo ng Premiere. Kasama nila sa larawan sina Rod Banal, Amado Dalupan at Leon Manabat ng "Bagong Buhay".




Sa isang biro ng may-kaarawan ay nangapangiti sina Gil de Leon, Cecilio Joaquin, Cora Madrid, Jose Padilla, Jr., Lilia Dizon at Alfonso Carvajal. Ang atim na bituin ay nagsipaghandog ng mahahalagang alaala sa "Ama" ng Premiere.



Bahagi ng makapal na taong sumaksi sa "Press Preview" ng pelikulang "Diego Silang" na itinanghal sa estudyo ng Premiere Productions kaugnay ng pagdiriwang sa kaarawan ni Dr. Ciriaco Santiago. Ang panoorin ay nagtamo ng papuri ng madla.

## Sa Larangan Ng Digmaan Sa Korea . . .

Mga larawang kuhang USIS



Bago lumipad na patungo sa bobombahing purok ng mga pulahan, maingat na sinusuri muna ng dalawang pilotong ito ng Hukbong Panghimpapawid ng Estados Unidos ang mga sandatang tataglayin ng kanilang B-26, kabilang ang 4 na tangkeng "napalm," 28 bombang panunog at 6,000 punlo ng .50-kalibreng masinggan. Ang pagdadala ng marami at mabibigat na sandata ay siyang nakapagbibigay ng di matatawarang lakas sa Hukbong Panghimpapawid ng Magkakaanib.




Ilang samahan sa pagkakawanggawa na itinatag ng Nagkakaisang mga Bansa ang kumakalinga sa mga batang Koreanong naulila dahil sa pananalakay ng mga pulahan. Makikita sa larawan ang limang batang magkakapatid na ang mga magulang ay napatay ng mga komunista. Sila'y nasa pag-aaruga ng mga pari at madreng Koreano.



Ang mga bulubundukin sa mga larangan sa Korea ay siyang napipiling gawing tanggulan ng hukbo ng Magkakaanib. Makikita ang isang kawal Amerikanong matamang nagmamasid at naghahanap ng mga kaaway sa pamamagitan ng kanyang largabista.



Sa mga sandali ng pamamahinga, ang mga kawal ng Magkakaanib ay nagtatamasa ng mga kaluwagan at kasiyahang katulad ng karaniwang mamamayan. Sa larawan ay makikita ang dalawang kawal Koreanong nag-aadobo ng manok para sa kanilang pananghalian, habang ang kanilang radyo ay bukas at nagpaparinig ng magagandang tugtugin.


# Mga Balita Sa Larawan Buhat Sa Kabilang Ibayo Ng Dagat











(1) Isang malagim na sakuna ang naganap kamakailan sa Colorado, Estados Unidos nang sumalpok sa tuktok ng isang bundok ang isang aeroplanong may sakay na 50 katao. Nasawi ang lahat ng pasahero at baha-bahagi na lamang ng nagkaputul-putol na mga katawan ang natagpuan ng pangkat na sumaklolo. Makikita sa larawan ang mga labi ng sasakyang-panghimpapawid at ng mga kulang-palad na pasahero.

(2) Kabilang sa mga Pilipinong nasa ibang bansa at tumutuklas ng karunungan sa paglilimbag ay si Manuel D. Benipayo ng Maynila. Makikitang sinusubok niya ang isang makina sa pagsasaka ng pruweba, sa ilalim ng pagtuturo ni Propesor Frederick Amery ng Carnegie Institute of Technology.

(3) Isa pang Pilipinong "nagsusunog ng kilay" sa kabilang ibayo ng dagat ay si Dr. Lourdes Espiritu. Sa larawan ay may ginagawa siyang eksperimento na kasama ng isang kamag-aaral sa School of Public Health sa Unibersidad ng Pittsburgh. Si Dr. Espiritu ay nagpapakadalubhasa sa karunungan sa panggagamot, at sa pagbabalik sa Maynila ay magpapatuloy ng pagtuturo sa Unibersidad ng Pilipinas.

(4) Ang pinakamabilis at pinakamakabagong bapor sa Estados Unidos sa kasalukuyan ay ang "SS Constitution" na makikita sa larawan. Nakapaglululan ng 1,000 pasahero at maaaring ayusin upang makapagdala ng 5,000 katao, ang sasakyang-dagat na itong nagkakahalaga ng $25,000,000 ay nakatakdang maglingkod sa mga puwerto sa Mediteraneo.

(5) Nang gunitain kamakailan ang ika-pitong anibersaryo ng paglunsad ng Hukbo ng Magkakaanib sa Normandy, Pransiya noong panahon ng ikalawang digmaang pandaigdig, ay dumalaw si Hral. Dwight D. Eisenhower sa dalampasigan ng Normandy upang sumaksi sa ginanap na seremonya sa alaala ng mga nasawing kawal ng Demokrasya. Makikitang nagdarasal ang Kataastaasang Pinuno ng Magkakaanib sa Europa sa harap ng puntod ng isang kawal ng Estados Unidos na nasawi sa makasaysayang paglunsad.

(Mga larawang kuha ng USIS)



Maikling Katha

ni Genoveva D. Edroza

# Kuwento Ni "Mabuti"

HINDI ko na siya nakikita ngayon. Nguni sinasabi nilang naroon pa siya sa dating pinagtuturuan, sa luma at walang pintang paaralang una kong kinakitaan sa kanya. Sa isa sa mga lumang silid sa ikalawang palapag, sa itaas ng lumang hagdang umiingit sa bawa't hakbang, doon sa kung manunungaw ay matatanaw ang maitim na tubig ng isang estero, naroon pa siya't nagtuturo ng mga kaalamang pang-aklat — at bumubuhay ng isang uri ng karunungang sa kanya ko lamang natutuhan.

Lagi ko siyang iuugnay sa kariktan ng Buhay. Saanman may kagandahan: sa isang tanawin, sa isang isipan o sa isang tunog kaya, nakikita ko siya at ako'y lumiligaya. Nguni walang ano mang maganda sa kanyang anyo at sa kanyang buhay...

Siya ay isa sa pinakakaraniwang guro roon. Walang sino mang nag-ukol sa kanya ng pansin. Mula sa kanyang pananamit hanggang sa paraan ng pagdadala niya ng mga pananagutan sa paaralan, walang masasabing ano mang di-pangkaraniwan sa kanya.

Siya'y tinatawag naming lahat na si **Mabuti** kung siya'y nakatalikod. Ang salitang iyon ang bukambibig niya. Iyon ang simula ng halos lahat ng kanyang pagsasalita. Iyon ang pumapalit sa mga salitang hindi niya maala-alala kung minsan, at nagiging pamuno sa mga sandali ng pag-aalanganin. Sa isang paraang hindi malirip, iyon ay naging salaminan ng uri ng paniniwala niya sa buhay.

"Mabuti," ang sasabihin niya "...ngayo'y magsisimula tayo sa araling ito. Mabuti nama't umabot tayo sa bahaging ito... Mabuti... mabuti...!"

Hindi ako kailanman nagtatapat sa kanya ng anuman kungdi lamang nahuli niya akong minsang lumuluha: nang hapong iyo'y iniluluha ng bata kong puso ang isang pambata ring suliranin.

Noo'y magtatakipsilim na at maliban sa pabugsu-bugsong hiyawan ng mga nagsisipanood sa pagsasanay ng mga manlalaro ng paaralan, ang buong paligid ay tahimik na. Sa isang tagong sulok ng silid-aklatan, pinilit kong lutasin ang aking suliranin sa pagluha. Doon niya ako natagpuan.

"Mabuti't may tao pa pala rito," ang wika niyang ikinukubli ang pag-aagam-agam sa tinig. "Tila may suliranin ka... mabuti sana kung makatutulong ako."

Ibig kong tumakas sa kanya at huwag nang bumalik pa kailanman. Sa bata kong isipan ay ibinilang kong kahihiyan at kaabaan ang pagkikita pa naming muli sa hinaharap, pagkikitang magbabalik sa gunita ng hapong iyon. Nguni hindi ako nakakilos sa sinabi niya pagkatapos. Napatda ako at napaupong bigla sa katapat na luklukan.

"Hindi ko alam na may tao rito... naparito ako upang umiyak din."

Hindi ako nakapangusap sa katapatang naulinig ko sa kanyang tinig. Nakababa ang kanyang paningin sa aking kandungan. Mayamaya pa'y nakita ko ang bahagyang ngiti sa kanyang labi.

Tinanganan niya ang aking mga kamay at narinig ko na lamang ang tinig ko sa pagtatapat, ng suliraning sa palagay ko noo'y siya nang pinakamabigat. Nakinig siya sa akin, at ngayon, sa paglingon ko sa pangyayaring iyo'y nagtataka ako kung paanong napigil niya ang paghalakhak sa gayong kamusmos na bagay. Nguni siya'y nakinig nang buong pagkaunawa, at alam kong ang pagmamalasakit niya'y tunay na matapat.

**SA WAKAS, NAUNAWAAN NIYA ANG MALUPIT NA KATOTOHANANG BUMABALOT SA BUHAY NG BUTIHING GURONG NAGING KAHINGAHAN NG KANYANG DAMDAMIN**

Lumabas kaming magkasabay sa paaralan. Ang panulukang maghihiwalay sa ami'y natatanaw na nang bigla akong makaalala.

"Siyanga pala, Ma'am, kayo? Kayo nga pala? Ano ho iyong nagtaboy sa inyo sa sulok na iyon na... iniiyakan ko?"

Tumawa siya nang marahan at inulit ang mga salitang iyon: "ang sulok na iyon na... iniiyakan natin... nating dalawa." Nawala ang marahang halakhak sa kanyang tinig: "Sana'y masasabi ko sa iyo, nguni... ang suliranin ko'y hindi para sa mga bata pang gaya mo. Mabuti sana'y hindi maging iyo ang ganoong uri ng suliranin... kailanman. Ang ibig kong sabihi'y... maging higit na mabuti sana sa iyo ang... Buhay."

Si Mabuti'y naging isang ba-

(Buklatin sa pahina 12)



# Nang MAGDAAN ANG DALUYONG

## MGA ULAT AT KURUKURO UKOL SA DIGMAAN SA PILIPINAS

*Sinulat ni Faustino Aguilar*

(KARUGTONG)

May mga kuro-kuro ngayong kumakalat tungkol sa sukat mangyaring paglunsad ng kalaknang hukbong amerikano sa Luson. Marami ang nagpapalagay na ang paglulunsad ay gagawin hindi sa iisang pook lamang kundi sabay-sabay at sa maraming dako at manapa'y gumamit ang magsisilunsad ng mga kawal na ibababa ng aeroplano. Ang mga nag-aakala ng ganito'y nanghahawak sa dami ng mga kawal na hapong nakalipana sa malalawak na lalawigan ng Luson, na maaaring magsidalunong sa lulunsaran ng mga amerikano kung sa iisang pook lamang sila magsisibaba, samantalang ang karamihang iyan ay mangapipikot sa kasalukuyan nilang mga kinatatayuan kung sa lahat na nang dako'y sasalakayin sila. At saka, alam nang walang pagsala ng mataas na pamunuan ng Hukbo ng Estados Unidos ang pagkalatag sa buong Luson ng mga "guerilla" at hindi alangang ipalagay na ang tulong na lakas na ito, ay gagamitin at sasamantalanin sa pagpalis sa kaaway. Ang mga pala-palagay ay nakaabot sa pag-aakalang isa sa mga bababaang pook ng Luson ay ang look na rin ng Mynila, na lubhang malapit sa Mindoro. Ang pangyayari na ring ibig man ng mga hapon at bagay namang kanilang pinagsasakitan ng di-gagaano, na mapaalis sa Mindoro ang mga amerikano, hangga ngayong magiisang buwan na halos ay di pa rin nasusunod, ay nagpapatotoong ang kasalukuyang mga kasangkapang gamit sa Pilipinas ng Hukbong Hapon sa pakikidigma, ay sapat marahil sa matapang na pagtatanggol, nguni't kapos at hindi angkop sa pagpapaalis o pagpuksa sa nakalunsad at kung ang Mindoro ay mahandang lubos sa isang himpilang panggagalingan ng kagamitang kakailanganin ng magsisisalakay; ang paglulunsad ng isang malaking bahagi ng Hukbo sa look ng Maynila, kasabay ng kalahatang paglusob sa buong Luson ng amerikano, ay sukat mangyari at hindi maipalalagay na pangarap lamang. Darating na ang mga pangyayari, sa aking akala, na magpapatibay o magpapawalang-halaga sa ganitong mga palagay ng nangalinip, sapagka't sa isang katotohanan nagkakasang-ayon ang lahat: na sa mga unang buwan ng taong, 1945, ay may pagkakahinatnan ang kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas at ng mga pilipino. Nababalita na ngayong ika-4 ng Enero ng 1945, na isang bahagi ng mga pandigmang ingles ay dumating sa Australya at napailalim sa pag-uutos ni Al. Nimitz.

Walang lakas at kapangyarihang makapipigil sa takbo ng mga pangyayari at sa aba ng mga magtatangkang humadlang sa pagbabalikwas ng bayan, na ang tunay na laya at kapanatagan, ang hanap. Marami ang masasawi sa pagmamalupit na pupuhanin ng dayuhang hapon kung siya'y magigipit na, nguni't walang kaligtasang hindi pinamuhunanan ng dugo at buhay. Luwalhati at kapurihan sa mga anak ng bayang mangatitimbuwang sa landas. Dangal at pagkabunyi sa mga papalaring makatupad hanggang sa wakas ng dakilang tungkulin.

**TINUTUNGO NA ANG MAYNILA**

Noong ika-6 ng Enero ng 1945, ang mataas na pamunuan ng Hukbong Hapon sa Pilipinas, ay nagpalathala sa mga pahayagan ng sumusunod na patalastas:

> "Ang Hukbo ng Imperio ng Hapon ay magpapatuloy sa kanyang pakikilaban na pagpipilitang ang pangulong-bayan ng Republika at ang kanyang masusunurin sa utos na mga mamamayan, ay huwag magtiis ng mga sakuna ng digma.
> Gayonman, kung tatangkain ng Hukbong Amerikano, nang walang pakundangan sa dangal at kapakanan ng sambayanan, ang paggamit ng walang-taros sa nasasakupan ng lunsod sa mga kailangang militar, ang Hukbo ng Imperiong Hapon ay hindi mag-aalinlangan sa paggamit ng mahihigpit na paraan.
> Ang bayan ng Maynila ay dapat lumagay sa ikapagpapatuloy ng kapayapaan at kaayusan, na sundin ang mga tagubiling lagda ng Gobernador Militar ng Maynila.
> Ano mang kagagawang makaliligalig o tungo sa ikaliligalig ng pananahimik ng sambayanan ay lalapatan ng mabigat na parusa. **Ang Pinuno sa Pagtatanggol ng Hukbong Imperiong Hapon.**"

Sa gitna ng mga pangamba at pangingimbulo ng mamamayang taga-Maynila tungkol sa kung ano ang sukat na gawin ng Hukbong Hapon, pagkarakang makarating ang amerikano sa nasasakupan ng lunsod; ang ganyang patalastas ay naging kislap ng katotohanang hindi na ihahanap pa ng pagpapatibay. Maliwanag na nagsasabing ang pagdating dito ng amerikano, ay siyang titis na magpapaalab sa tangkang pagmamalupit na kinukuyom ngayon sa kanyang kalooban ng tinurang Hukbo, sapagka't ang pagsasabing kapag ginamit ng amerikano ang nasasakupan ng lunsod sa mga kailangang militar ay mag-uukol na siya ng mahihigpit na paraan, gayong ang paggamit ay hindi naman maiilagan sa labanang mangyayari gaya rin naman ng dikaariang huwag gamitin ngayon ng Hapon pati na ng mga simbahan kahi't ang ibig pa naman daw niya'y huwag magtiis ang sambayanan ng mga sakuna ng digma; ay katimbang na rin ng pagbababala ngayon pa na lahat ng katampalasanang maisip gawin, pagsunog ng mga bahay, paggiba ng malalaking gusali, pagpapasabog ng mga daan at tulay, pagbaril sa mga hindi lumalaban, ay gagawin na. Anupanga't nagtitining na, wala man dito at nalalapit pa lamang ang amerikano, ang tunay na niloloob ng Hapon sa kanyang pakunwaring pakikipagkaibigan sa pilipino. Kasangkapanin ang Pilipinas hanggang sa magkadurugdurog, mabusog lamang ang kanyang kasakiman sa pagiging hari at panginoon ng mga silanganin.

Katugon ng patalastas na iyan ay naglagda rin naman ng bagong mga tuntunin ang Gobernador Militar ng Maynila tungkol sa kailangang pagligpit ng mamamayan buhat sa ika-9 ng gabi araw-araw hanggang sa kinabukasang ika-5 ng umaga. Sa mga tuntuning ito'y ipinagbabawal ang magkalat ng mga balitang makapipinsala sa Hukbo ng Imperiong Hapon, ang paguusap-usap na nakapulutong sa mga daan, ang anumang pagpupulong kung wala munang pahintulot, ang paglakad ng samasama sa daan, anupa't hindi man ipinagbabawal ang pagpanaog sa bahay ay gayon na rin halos ang kahulugan, kung mahigpit na susudin ang lahat ng nauutos, upang huwag mapadawit sa kahi't anong sukat mangyari sa paglakad.

Ang taong-bayang nakatalos ng lahat ng ito, sa radio at sa mga pahayagan, ay nakararamdam na lalo pang hinihigit ngayon ng may hawak ang kanyang tali sa liig, datapwa't nag-aaliw na lamang sa pag-asang malapit na siyang matubos. Nagkakabalita ang sambayanan, kusa man siyang pinagbubulaanan ng radio ng Republika at ng mga pahayagang hapon sa Maynila, na sa mga baybaying dagat ng hilaga ng Luson ay may nagtatangkang lumunsad na bahagi ng Hukbo ng Estados Unidos, kahapon ika-7 ng Enero ng 1945, ang maghapunang salakay sa papawirin na ginawa ng maraming aeroplanong amerikano sa ilang paliparang hapon sa nasasakupan ng Malaking Maynila, ay ipinagsaloob ng marami na marahil ang sinasabing mga sasakyang punuan ng mga kawal amerikano sa tapat ng S. Fernando, La Union, at Lingayen, Pangasinan, ay naglulunsad na ng kanilang lulan, gayon ding salakay ang ginawa sa Maynila, nang ang Mindoro ay lunsaran at bagaman wala pang katibayang mapanghahawakan sa ganitong sapantaha, ang pagsasaloob ay pinapagtitining naman nang paniniwalang ang tinurang maraming sasakyan, na alinsunod na rin sa mga pahayagan ay natanaw nga sa dakong iyon na tila ang tangka ay maglunsad; ay hindi mananatili sa laot, bagkus lalapit sa katihan, saan mang dako ang talagang pakay, nguni't dadaong upang maglunsad ng sakay. Hindi nga mapag-aalinlanganan, na sa mga sandaling ito ay may malaking labanan sa hilaga ng Luson, sa alinmang baybay-dagat kung hindi pa nakapaglulunsad, at saan mang kapatagang malayo pa sa Maynila, kung nakapaglunsad na. Isang malaking pulutong ng mg aeroplanong amerikano na sa umaga ng araw na ito, ika-8 ng Enero ng 1945, ay nagdaan sa papawirin ng Maynila, buhat sa timog na tungo sa hilaga ng Luson, ay nagpapatotoong na sa dakong iyon ang masidhing labanan. Isa sa mga aeroplanong nasabi, na malaki at may apat na motor, ang sinamang-paiad na abutin ng paputok ng mga kanyong hapon sa S. Juan Heights sa aking palagay at bumagsak na nagniningas sa dakong timog ng aking bahay. Tatlo ang natanaw kong payong sa pagbaba na dahan-dahang lumalapag. Namatay mang lahat ang lulan o may nakaligtas naman kaya at bihag na ngayon o naitakas ng taong-bayan, gaya ng nangyaring hindi na miminsan sa ibang mga dako at sa nakaraang mga salakay, ang totoo'y nasasaksihan ngayon ng pilipino ang pagtalaga sa anuman ng amerikano sa makalalaki at totohanang pakikitalad. Luwalhati sa nangasasawi, na nagsusulit ng kanilang buhay sa isang marangal na dahilan!

Sa sandaling ito, ika-3:15 ng hapon ng ika-9 ng Enero ng 1945, ay isang maliwanag na tandang nakababa na ang Hukbo ng Estados Unidos sa malapit sa Maynila, ang aking nasasaksihan. Dito sa tabi ng aking bahay, na dating tahanan ni Mr A. J.

# KALBARYO Ng Isang Ina



### Maikling nobela ni JOSE R. ATIENZA

**HABANG NAGDARAAN ANG MGA ARAW AY LALONG NAGTATAMO NG MABIBIGAT NA SUKAL NG LOOB ANG KAHABAG-HABAG NA INANG NAGKAROON NG MAPAG-IMBOT AT WALANG TURING NA MGA ANAK**

**KARUGTONG**

Nang lumaon, hindi lamang si Estela ang nagpapasakit kay Aling Anday. Maging si Ramon ay nahawa na rin sa mga paglapastangan at kasamaang ugali sa kanilang sariling magulang. Malimit na nakalilipas ang oras ng pagkain na hindi nakakatikim kahit isang subong kanin ang kahabag-habag na matanda. Kung nais bumili ng kahit anong pagkain sa tindahan upang makapawi ng gutom ay hindi naman makabili pagka't ang kaunting salaping naimpok sa alkansiya ay naubos nang lahat dahil din sa pagmamagandang-loob sa manugang at apo nang nagdaang mga araw. Bibihirang makahawak ng kahi't diyes sentimos ang matanda pagka't ni hindi naaalaalang abutan ng mag-asawa.

At dumating pa ang mga pangyayaring lalong kasakit-sakit sa buhay ng matanda. Nang minsang dapuan ng karamdaman si Aling Anday dahil sa mga sama ng loob at sa madalas na pagkakalipas ng gutom, ay lubos na napagkilala ng matanda ang kasamaan ng kanyang mga anak. Sa kulang-kulang na dalawang-daang pisong nagugol nina Ramon sa pagpapagamot sa ina, ay humihingi ng kabayaran nang gumaling na ang matanda.

—Alam naman ninyo, Inay, na kami'y nagtitipon ni Estela upang makapagpatayo ng bahay. Ang dalawang daang pisong nagasta namin sa inyong pagkakasakit ay malaking kabawasan sa aming iniimpok na salapi. Kaya ang ibig namin ay mapalitan ninyo iyon sa ano mang paraan, — wika ni Ramon nang silang tatlo nina Estela at Aling Anday ay nagkakaharap-harap, isang umaga.

—Nguni't saan naman ninyo ako pakukunin, mga anak, ng gayong halaga? —naluluhang sagot ng matanda. —Alam naman ninyong ni kusing ay wala ako. Kung salapi ay wala akong maipangangako sa inyo. Subali't ang katawan ko, kahit ako matanda na, ay itong katawang ito ang maipananagot kong pambayad sa kuwaltang ipinagpagamot ninyo sa akin. Paglilingkuran ko kayo hanggang sa makakaya ng aking katawan.

—Tingnan ninyo kayo, kung magsalita! —may himig pagkayamot nang turing ni Ramon. —Hindi iyan ang ibig naming mangyari. Kung ang katawan lamang ninyo at ang inyong paglilingkod ay hindi na namin kailangan. Matanda na kayo at mahina na. Kayo pa nga ang nangangailangan ng aming tulong at paglilingkod!

—E, paano nga ang gagawin ko, anak, upang makabayad sa inyong ginugol sa akin?

—Ang ibig naming mangyari ay palitan din ninyo ng salapi, —wika ni Ramon. —Iya'y napag-usapan na namin ni Estela. Mayroon naman kayong bahay. Ito'y sarili ninyo. Maaari ninyong isangla, o dili kaya'y ipagbili. —Sinulyapan ni Ramon ang asawa, at kumindat naman ang babae na parang sila'y mayroon nang pagkakaintindihan sa bagay na iyon. —Kung ibig naman ninyo, Inay, ay sa amin na ninyo pahulugan o ipagbili ang bahay na ito, at di aawasin na lamang natin sa kabayaran ang halagang pinapapalitan namin.

Hindi nakasagot kaagad si Aling Anday. Hindi niya akalaing umabot hanggang sa pag-iimbot sa kanilang tahanan ang kasamaan ng kanyang mga anak.

—Nguni't Ramon! Bakit pa kailangang gawin natin iyan? Itong tahanang ito'y ating lahat! Nag-iisa na akong magulang ninyo, ito'y sa inyo ko rin iiwanan kung ako'y mamatay. Saka, ngayon man naman ay maaari na rin ninyong ituring na ang bahay na ito'y inyong sarili. Kayo na ang makapaghahari sa tahanang ito at magagawa ninyo ang balang maibig. Wala kayong maririnig sa akin.

—Mahirap na nga ho naman ang gayon, Inay... —sabad ni Estela. —E, kung ipaayos namin ang bahay na ito, padugtungan namin at pagandahin... saka pagdating ng araw ay magbago kayo ng isip at nais ninyong ipagbili o kaya'y ipagkaloob sa ibang kamag-anak, papano naman kami?

—Sa palagay ko'y hindi naman aabot sa ganyan. Nagkakamali kayo ng akala, mga anak. Talagang malaon nang yari sa isip ko na ang bahay na ito'y ipagkaloob sa inyo. Iyan naman ang nararapat sapagka't si Ramon ay kaisa-isa kong anak, —paliwanag ni Aling Anday na patuloy na lumuluha.

—Iba na ang maliwanagan, Inay, —giit ni Estela.

—Kung tutoo ang inyong sinabi, —wika naman ni Ramon, —ay nagpapasalamat kami, Inay. Subali't upang mawalan na ng salitaan, at upang mapatunayan namin na talagang tapat ang inyong sinabi, ay isalin na ninyo sa aming pangalan ang titulo. Gumawa tayo ng kasulatan.

—Diyata't ganyan ang ibig ninyong mangyari? —napalakas ang tinig ni Aling Anday at bahagyang nandilat ang mga mata.

—Sa palagay nami'y ganyan nga, Inay, ang nararapat upang maging maliwanagan ang ating usapan! —sagot ni Ramon.

Napatutop sa dibdib ang matanda. Parang mapapatid ang kanyang hininga. Diyata't nais pa ng kanyang mga anak na daanin sa kasulatan ang pagkakaloob niya ng tahanang yaon na ang tutoo'y pinamuhunanan ng hirap at sakit bago naitayo? Kasulatan? Siya at ang kanyang mga anak...? Napanangis si Aling Anday.

—Oo... kung kasulatan ang hinihingi ninyo, Ramon, ay hayaan ninyo't matutupad! Ngayon din!

At noon din nga ay niyari ang isang kasulatán na isinasalin na ni Aling Anday sa pangalan nina Ramon ang pagmamay-ari sa kanilang tahanan. Sa kasulatan, na si Ramon din ang gumawa at pinalagdaan lamang kay Aling Anday, ay sinasabi pang ipinagbili na ng matanda sa kayang mga anak ang bahay na yaon sa halágáng isang libong piso.

—Hayaan ninyo, Inay, at huhulugan din naman namin ni Estela ang halagang iyan. Aawasin lang natin ang halagang

(Buklatin sa pahina 12)

**TEOTICO CLINIC**
URINARY DISTURBANCES
GENERAL SURGERY
X-RAY SERVICE
7-9 A.M. } 2-3 P.M. } No. 2 Legarda, Tanduay.
10-12 A.M. } 4-7 P.M. } Calvo Bldg., Escolta

# Ang Batang Mandurukot

**Kuwento ni Arcadio T. Gole Cruz**



### ISANG BATANG MANDURUKOT ANG NAGSILBING TANGLAW SA ISIP NG NALALABUANG AMA UPANG MAKILALA ANG KANYANG PAGKAKAMALI

BIGUNG-BIGO ang pag-asa ni Memang na si Tonyo'y magbabago na ng pag-uugali sa mga sandaling ang kanilang pagsasama'y magkaroon ng bunga. Kagaya rin nang dati'y walang ipinagbabago ang kanyang asawa. Patuloy rin ito sa di magandang gawaing pambababae, pagbababad sa sugalan, pag-inum-inom ng alak at pagpapawalang-halaga sa kanyang magagandang payo.

—Magtigil ka na nga ng mga kalokohan mong iyan, —ang pabaribot nang tugon ni Tonyo kay Memang isang umagang ito'y muling pagpayuhan ng asawa sa lisyang gawain.

—Nguni't Tonyo, pinagpapayuhan kita hindi dahil sa sarili kong kapakanan kundi sa kabutihan din natin at sa magandang kinabukasan ng ating anak. —mahinahon pa ring paalaala ni Memang sa lalaki.

—Ako'y may sapat nang talino... Nalalaman ko ang aking ginagawa! Ikaw ang magtigil kung di mo ibig na... —pagalit nang tapos ni Tonyo na sinabayan ng panaog ng bahay.

Habang nakasakay si Tonyo sa sasakyang noo'y mabilis na tumatakbo ay si Memang ang laman ng kanyang isipan. Ipinalagay niyang ang pakikialam ni Memang ang nagiging dahilan ng malimit niyang pagkatalo sa sugal. —Buwisit na babae, pag di ka nagbago ng iyong pag-uugali... —tiim-bagang na bulong ni Tonyo sa sarili, na ang lihim na pinatutungkulan ay si Memang, na noong mga sandali namang yao'y kalung-kalong ang kanilang si "boy" at luhaan ang mga mata.

ANG mag-asawang Memang at Tonyo ay may limang taon nang nakakasal, subali't nakaraan pa muna ang apat na taon bago nagbunga ang kanilang pagsasama. Tuwang-tuwa si Memang sa pangyayaring yaon pagka't inakala niyang iyon na ang magandang pagkakataon upang magbago si Tonyo. Datapwa't laban sa kanyang inaasahan, sa halip na magbago ay lalo pang nagpakalulong si Tonyo sa di magandang gawain, na siyang naging salabid sa magagandang pangarap ni Memang sa buhay. Bihirang gabi na si Tonyo'y di umaalis ng bahay. Lagi itong laman ng mga pasugalan at walang sandaling di kasakasama ng mga mang-iinom ng alak. Kung minsan nama'y hinahatinggabi ng pag-uwi buhat sa pamamasukan dahil sa pakikipagkita sa mga "querida" nito. At madalas ding kung nauubusan ng magugugol ay ang kaunting itinatago ni Memang ang siyang inuumit. Bunga ng kapabayaan ni Tonyo kay Memang madalas tuloy maranasan ng babae ang magdildil ng asin.

SI Memang ay di nawawalan ng pag-asang si Tonyo'y magbabago ng pag-uugali. Walang sandaling di siya tumatawag kay Bathala. Idinadalangin niya, na kahimanawari'y magbago ng kalooban ang asawa at nang mapanuto ang kanilang pamumuhay. At kung natatapatang malamig ang ulo ni Tonyo ay mahinahon niya itong pinakikiusapan. Subali't katumbalikan ang kanyang napapala. Madalas na kung di siya daragan ng asawa ay iniiwan siyang nagsasalita nang mag-isa. At noon ngang umagang yaon, nang minsan pang pagpaalalahanan ni Memang si Tonyo ay may himig pagbabanta pang siya'y nilisang walang paapaalam ng asawang nadidimlan.

Habang nagtatagal ang mga araw ay lalo namang nagpapakalulong si Tonyo sa di magandang asal. Malimit na kung ito'y natatalo sa pagsusugal ay si Memang pa ang binubuntunan ng sisi. At isang araw, pati na ang kaunting halagang naimpok ni Memang ay muling kinuha at ipinatalo sa sugal. Nang mabanggit ni Memang ay siya pa ang nagalit.

—Ako'y walang maisip na dahilan kung bakit di tayo magkasundo, —ang sumbat ni Tonyo kay Memang. —Nalalaman mo namang ganito ang aking hilig ay kung bakit mo pa ako laging pinanghihimasukan!

—Nguni't wala namang kabutihang naidudulot sa atin ang mga gawain mong iyan. Tingnan mo nga ito, —at itinuro ni Memang sa asawa ang gula-gulanit na damit ng anak na noo'y pinasususo.

—Sa mayroon at sa wala ay huwag kang manghimasok sa akin, —paasik nang wika ni Tonyo kay Memang. —Kapag di ka nagtigil ng mga kalokohan mong iya'y mapipilitan akong iwan kayong mag-ina! —banta pa ni Tonyo sa asawang noo'y ibig nang mapaluha.

Palibhasa'y talagang linsil ang mga inaasal ni Tonyo sa mag-inang Memang at "boy" na siyang sanhi ng pagdaranas ng katakut-takot na hirap ng mag-ina, kung kaya bagaman malimit pagbantaan ni Tonyo ay di rin nagsasawang magpaalaala na may kahalong pagsusumamo kay Tonyo si Memang. Subali't naging bingi si Tonyo at tinutoo nga ang sinabi. Isang araw ay walang lingong-likod na nilisan ni Tonyo ang mag-inang Memang at "boy". Lumuwas ng Maynila ang pabayang lalaki at pumisang palagian sa kanyang kalaguyong si Minang.

Sa loob ng tatlong taon ay natiis ni Tonyong di padalhan man lamang ng magugugol ang mag-inang Memang at "boy". Salamat na lamang at may dakilang puso si Memang na di napatulad sa ibang babaing kay daling natangay ng tukso sa gayong pagkakataon. Sa halip na masiraan ng loob ay lalo pang dinagdagan ni Memang ang pagtawag kay Bathala. At dininig naman siya Nito, sa kaunting puhunang ibinigay ng mga kapatid ng babae ay napalago iyon sa pagbababuyan.

Isang hapon, samantalang si Tonyo'y naglalakad na pauwi sa may tulay ng Kiyapo, walang anu-ano'y sinakbat na lamang siya ng isang batang lalaking wawaluhing taong gulang. Si Tonyo'y nalito na ikinabangga nito sa bata. Ang bata nama'y huminto at humingi ng paumanhin kay Tonyo, at hinagud-hagod pa ang kanyang tuhod. Sa halip na magalit ay ikinasiya pa ni Tonyo ang ginawi ng bata. Subali't nang siya'y nakalalayo na ng may ilang dipa ay nakapa-kapa niyang wala ang kanyang kalupi sa bulsa. Biglang napahinto si Tonyo at pinagala ang mga mata sa kanyang pinanggalingan. Nasa gayon siyang kalagayan nang walang anu-ano'y isang matandang lalaki namari ang lumapit sa kanya at inginuso ang batang lalaking sumakbat sa kanya. —Siya po ang nandukot sa inyo, —wika ng matanda kay Tonyo.

Matagal na ipinako ni Tonyo ang kanyang mga paningin sa batang itinuro ng matandang lalaki, na noo'y pasagsag na naglalakad na papalayo sa pook na iyon. Sinutsutan ni Ton-


BIHASAHIN

*Ang ating sarili*

sa

FLYING A SERVICE

• FLYING A GASOLINE
• VEEDOL MOTOR OIL and GREASE
• MABUHAY KEROSENE

TIDE WATER ASSOCIATED OIL COMPANY

CEBU • MANILA • DAVAO
ILOILO • LEGASPI



# MANUEL L. QUEZON:

## ARKITEKTO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS

Sinulat ni JESUS C. OLEGA

KATULAD ng isang maningning na Tala sa silong ng langit ng Pilipinas, ang panulat ni Rizal ay siyang unang naghasik ng damdaming makabayan sa noo'y nahihimlay na Lahing Kayumanggi. Isang pangkat ng mga dalubhasang Pilipino na noo'y nagsisipagaral sa Espanya ang tinipon ni Rizal at sila'y nagtatag ng isang Samahan na ang layunin ay upang mahango sa kaalipnan at maihatid nila sa tugatog ng karangalan ang ating pinakamamahal na Inang Bayan. Sa biglaang pangungusap, utang sa mga sinulat ni Rizal ang diwang makabayang pumatnubay kay Andres Bonifacio sa pagtatatag nito ng Katipunan ng mga Anak ng Bayan na siyang umakay naman sa ating lahi upang ito'y maghimagsik. Bunga ng panghihimagsik ay nangyaring naigupo ng Katipunan ang lakas ng Pamahalaang Kastila at sa ganyan ay natamo ng bayang Pilipino ang matamis na bunga ng kalayaan.

Subali't ang kalayaang iyan ay hindi nagtagal sapagka't hindi kinilala ng hukbong Amerikano na sa pasimula ay katu-katulong ng hukbong Pilipino sa pakikipagdigma laban sa hukbong Kastila. Sa halip na pahalagahan ng Pamahalaang Amerikano ang Kalayaan ng Pilipinas na natamo sa pagtitigis ng dugo, ay makipagkasundo ito sa bansang Kastila upang bilhin niya ang Pilipinas sa halagang APATNAPUNG MILYON AT ISANGDAANG LIBONG PISO alinsunod sa ginawang Kasunduan sa Kapayapaan sa Paris noong ika-10 ng Disyembre ng 1898 ng bansang Kastila at ng bansang Amerikano. Sa galit ng mga Pilipino ay nagpahayag ng pakikipagdigma laban sa hukbong Amerikano, nguni't sa kasawiangpalad ay napipilan ang lakas ng hukbong Pilipino at tuluyang nahulog sa hukbong Amerikano itong Kapuluan. At sa ganyang pangyayari ay napatatag dito sa Kapuluan ang panghukbong Pamahalaang Amerikano noong ika-14 ng Agosto ng 1898, kinabukasang mahulog sa kanilang kapangyarihan ang Pangulong Lunsod ng Pilipinas o ang Maynila.

Subali't ang mainit na damdamin ng bayang Pilipino sa ikapagtatamo ng Kalayaan ay hindi kumukupas sa kanyang damdamin. Nang itatag ng bansang Amerikano ang pambayang Pamahalaan noong ika-14 ng Hulyo ng 1901, laban man sa kalooban ng mga dalubhasang Pilipino na sila'y muling sumailalim sa kapangyarihang dayo ay pumanig sila, hindi upang tuluyang maging tagasunod ng mga Amerikano, kundi upang maipabatid sa mga ito na ang kalayaan ng bansang Pilipino ay kilalanin nila.

Nang 1906 na pasinayaan ng noo'y Gobernador Heneral Taft ang pagtatatag ng Pambansang Kapulungan ng mga Kinatawan ang Kgg. Manuel L. Quezon ay siyang naging Kinatawan noon sa Unang Purok ng Tayabas. Nang si Quezon ay maatasang maging Sugong Kinatawan sa Kongreso Amerikano noong 1909, sinikap ni Quezon na makilala ng bansang Amerikano ang kakayahan sa pagsasarili ng kaniyang Inang Bayan sa pamamagitan ng kanyang mga talumpati sa Kongreso at sa lipunan sa apat na sulok ng bansang Amerikano. Anupa't pitong taong linunggati ni Quezon ang binhi ng Kalayaan, at sa wakas, bago niya nilisan ang Kongreso Amerikano noong 1916 ay, natamo ng bayang Pilipino ang Batas Jones na nagkakaloob sa ating bansa ng malaking kaluwagan o autonomya sa pamamahala.

Nang itatag ang Senado Pilipino na ipinagkaloob sa atin ng Batas Jones, si Quezon, bilang Pangulo ng Senado ay laging nagtutungo sa Amerika sa ngalan ng bayang Pilipino at laging hinihiling niya sa bansang Amerikano na ipagkaloob na sa atin ang mithiing Kasarinlan. Bilang Patnugot ng Bansa, itinatag ni Quezon ang **Consejo Supremo Nacional**; nilikha niya ang **Guardia Nacional** at boong karangalang inihandog niya sa noo'y Pangulong Wilson bilang pagtugon ng Pilipinas dahil sa pakikipagdigma ng Amerika sa ngalan ng Demokrasya ng Unang Digmaang Pandaigdig na nagwakas noong 1918. Bilang paglingap niya sa mahihirap, biniggyan niya ng biyaya ang mga anak-pawis sa lilim ng kanyang inihayag na simulaing Katarungang Panlipunan o **Justicia Social**. Bunga ng kanyang halos taon-taong mga Misyon sa Kasarinlan na nagpapahayag sa Kongreso Amerikano ng damdamin ng bansang Pilipino, sa wakas ay natamo niya sa ilalim ng pagpupuri at kagalakan ng sambayanan, ang Batas Tyding-MacDuffie na nagkakaloob ng tiyak na Kalayaan pagkaraan ng 10 taon. Kaya, nang 1935 ay napatatag ang Pamahalaang Mala-sarili o **Commonwealth Government** at si Quezon din ang siyang nahalal na Pangulo nito. Dahil sa pagiging Pangulo ng Pilipinas, siya ang kaunaunahang Pilipino na tumira sa Palasyo ng Malakanyang, at sa ikatatatag ng bansang Pilipino ay nilikha niya ang Tanggulang Pambansa o **Philippine Army**. Bilang tuntunin ng bayang Pilipino, nang 1939 ay naglagda siya ng isang Tuntunin sa Pamamayan (**Code of Citizenship**)

Nang tayo'y mahulog sa kapangyarihang Hapones bunga ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong ika-8 ng Disyembre ng 1941, si Quezon bilang Ama ng Pamahalaan ay nagtungo sa Amerika at doon niya ipinagpatuloy ang lakad ng Pamahalaang Mala-sarili. Hindi man inabot ng liwanag ang Pangulong Quezon sa pagtatatag ng Republika Pilipina, sapagka't siya'y binawian na ng buhay noong unang araw ng Agosto ng 1944 sa Amerika, ang nilunggati niyang Kalayaan ay boong ningning na natamo ng kanyang bayan at pinasinayaan noong ika-4 ng Hulyo ng 1946.

Kaya ang Kalayaang ngayo'y boong kasiyahang tinatamasa natin, ay dapat ipagpasalamat kay Manuel L. Quezon sapagka't siya ang arkitektong humugis sa Balangkas ng Gusali ng ating Kalayaan; siya ang Diwang Pumatnubay sa mahigit na apatnapung taong paglalayag ng Pilipino sa maalong karagatan; at sa wakas ng lahat, tayo'y nakarating sa Lupang Pangako at sa lupang iyan ay naitirik ang ating mahal na Watawat na ngayo'y buong karilagang nawawagayway sa papawirin!





SANTOS OCAMPO LABORATORIES—176 Gomez, Addition Hills, San Juan, Rizal

# ★Sa Puting-tabing★



Sina Tita Duran at Pancho Magalona ay hahangaan sa kanilang pagsasayaw ng "Charleston" sa "KASINTAHAN SA PANGARAP" ng Sampaguita Pictures. Ang pelikulang ito'y pinamahalaan ni Enrique Moreno at malapit nang mapanood sa puting-tabing.



Isang mahalagang alaala ang inihahandog ni Leleng Padilla sa pinakamamahal na si Lilian Leonardo bilang tanda ng kanyang wagas na pagmamahal. Ito'y isang tagpo sa "ANG AKING KA-HAPON" ng Tamaraw Studios, isang panooring lipos ng pag-ibig na itatanghal sa Clover Theater sa huling linggo ng papasok na buwan.




Ilan sa malalaking pangalang nagbigay-kulay sa pagkakasapelikula ng "ISINANLANG-PAG-IBIG" ng Benito Bros. Pictures. Napakuha sila ng larawan matapos [illegible] mga huling syuting ng nabanggit na panoorin. Kasama sa larawan sina Fred Montilla, Domingo Principe, Lydia Montañez, Erlinda Cortez, Rosa Aguirre, at Jose Villafranca.


# WESTCLOX —


## LAGING MAAASAHAN




Sa loob ng maraming taon at hanggang sa kasalukuyan, ang mga taong gumagamit ng orasan sa buong daigdig ay nakapagpatunay na ang WESTCLOX ay mapagtitiwalaan sa pagbibigay ng tumpak na oras. Ang bantog na **Big Ben** at ang kanyang kaanak, na pawang likha ng WESTCLOX, ay mabibili ngayon sa Heacock's. Para sa tahanan o lukbutan, gumamit ng WESTCLOX.



"BIG BEN — sa nakar o matingkad na itim, may karaniwan o makinang na mukha, may matunog na panggising o "chimes."



**TRAVALARM**



**GENERAL**




**SCOTTY**



**POCKET BEN**



**BINGO**



**BABY BEN**


COMPLETELY AIR-CONDITIONED

HEACOCK'S 605

Ang Tindahan ng [illegible]

605 DASMARIÑAS • PHONES [illegible]

# Maririkit na Tagpo sa "Shalimar"



Matatapat na kabig... laban sa malulupit na kaaway! Sino kaya ang magtagumpay?



"Maawa na kayo sa kanya! [illegible] walang kasalanan!"



May linulutas silang mahalagang suliranin!



"Naito... naito... nababasa ko na ang [illegible] kapalaran...!"



"[illegible] Diyus ko! Lamang-lupa!"

## Ang Batang Mandurukot

(Karugtong ng nasa pah. 12)

tiyak niyang maputla pa sa suka ang mukha ng bata. Ang damit ay gula-gulanit at mukhang may sakit. Mahaba ang buhok at payat na payat. Nguni't may kagandahang lalaki at mukhang nagmula sa marangal na angkan.

—Huwag kang magsinungaling. Kung di mo iyan dating ginagawa ay bakit mo naisipang ako'y dukutan? —pamuling tanong ni Tonyo sa batang noo'y sisikdu-sikdo ang dibdib sa nagawang pagkakasala.

—Kung ilang araw na po akong naghahanap ng mapapasukan dito sa Maynila, —napabuntonghiningang tugon ng bata. —Nguni't di ako mapasuk-pasok. Pawang "no vacancy" ang sinasabi ng mga nalalapitan kong tao.

—Bakit ka naman naghahanap ng mapapasukan at di ka mag-aral? Ikaw ba'y may mga magulang pa?

—Mayroon pa po, nguni't... —hindi natuloy ang iba pang sasabihin ng bata at ito'y napaluha.

Nabagbag ang kalooban ni Tonyo sa inanyo ng bata. Naniwala siyang ito'y hindi likas na masama. Kaya't muli niyang inusisa.

—Tagasaan ka ba at bakit mo naisipang pag-aralan ang napakasamang gawaing iyan? —patuloy na pag-uusisa ni Tonyo sa bata, at ito'y inakbayang papálayo sa mga taong noo'y nangakapaligid sa kanila na parang nakakita ng milagro.

—Ako po'y taga-Kainta at kung kaya naisipan kong gumawa ng ganito'y dahil sa...

—Dahil sa ano? Sige, sabihin mo sa akin!

—Ang akin pong ina'y maysakit at ibig ko siyang matulungan.

—E, bakit di ka magbanat ng buto at ang pandurukot ng bulsa ng may bulsa ang inaatupag mo?

—E wala nga po akong mapasukang hahanapbuhay pagka't wala naman akong dunong na maipagmamalaki. Hindi po ako nakatuntong man lamang ng paaralan, pagka't maliit pa raw ako nang kaming mag-ina'y... —hindi na naman natuloy ang sasabihin at muling napaluha.

—Nang kayong mag-ina'y ano? —awang-awang tanong ni Tonyo sa bata.

—Iwan po ng aking ama!

Ibigin mang magpatuloy ni Tonyo ng pagtatanong sa bata ay di nito nagawa. Parang walang katagang lalabas sa kanyang mga labi. May isang bagay na parang itinudla sa dibdib ni Tonyo. Naramdaman niyang ito'y kumirot. Pinawisan siya ng malamig. Nanlambot ang kanyang katawan at nangalog ang mga tuhod. Matagal-tagal ding nanatili ang pagtitinginan nila ng batang iyon na wala silang imikan.

Pamayamaya'y inakbayan ni Tonyo ang bata at muling inilayo sa pook na iyon. Nang sila'y makalayo na'y dumukot sa bulsa at inabutan ni Tonyo ng lilimahing pisong papel ang bata. Pinangaralan iyon at binantaang kapag nakita pang muli sa gayong gawai'y ibibigay na sa pulis. At si Tonyo'y dali-daling umuwi ng bahay.


Nang gabing yao'y pawang maiitim na alalahanin ang pumasok sa isipan ni Tonyo. Naaalaala niya ang kanyang iniwang mag-ina. Tila tuksong ayaw magpatantan sa kanyang kaluluwa ang mga ito. Kaya, nang mapahimbing na ng tulog si Minang ay maingat na iginayak ni Tonyo ang kanyang mga kagamitan at pumanaog ng bahay. Isang maikling liham ang iniwan nito para sa kalaguyo:

"...**Ngayon ko napag-isip-isip, Minang, na ang pamamalagi ko sa ganitong uri ng pamumuhay ay maáári lamang makapagturo sa aking asawa at anak ng masamang gawain,"** —ani Tonyo sa liham. **"Minang, di ko yata maatim na tiising di man lamang makatuntong ng paaralan ang kaisa-isa kong anak na si "Boy". Hindi ko yata matitiis na balang araw, dahil nga sa aking kapabayaan ay makitang hinahabul-habol ng ibang tao ang aking anak sa lansangan dahil sa pagkakasalang maaáring magawa nito dahil sa aking pagpapabayang katulad na nga nito. Patawad, Minang..."**

Madilim ang daang nilalakaran noon ni Tonyo, subali't parang tinatanglawan ng buwang nasa kabilugan. Kung maaari lamang ay liparin ni Tonyo ang sariling tahanan upang minsan pang makapiling ang kanyang butihing si Memang, at ang kanilang si "boy", na bukas-makalawa, kung magkaisip na't walang magisnang ama, ay di malayong mapatulad sa batang nandukot ng kanyang kalupi. (X)


# MARAMING

## *Mapaggagamitan*




Ang Eternit Asbestos Cement Sheets, kilala sa kalamigan at pagtatagal, ay tumutugon sa kalagayan ng panahon sa Pilipinas. Sila'y magagamit sa anumang pagtatayo ng gusali.

Tanging ang pinakamabuting semento ng Philippine Portland at inangkat na mataas na uring himaymay ng asbestos ang ginagamit sa pagyari ng Eternit Sheets.

*Tanungin ang inyong arkitekto. Nalalaman Niya*


Ang Eternit Asbestos Cement ay mura kaysa ibang "matitibay na sangkap" sa pagbububong *

**Eternit CORPORATION**

*AGENTS:* **THEO. H. DAVIES & CO., FAR EAST, LTD.** AYALA BLDG., MANILA
**AMON TRADING CORPORATION** BONIFACIO DRIVE, PORT AREA, MANILA

* *Sumulat at humingi ng mga prueba*

# Panlinggong PALAISIPAN ng BAGONG Buhay



**PAHALANG**

1. Kopya
5. Kabaligtaran ng kapal
10. Mithi
14. Suman
15. Pelikula ng kagubatan
16. Bughaw
17. Pa... (patitlan)
18. Hilakbot
19. Lahok
20. Iuukol
22. Sapin sa paa
24. Atsing
26. Patungo na sa pagkapunit
27. Metal (kinaltas ang unang titik)
28. Nakalunok ng pamatay
31. Balakid (unang pantig)
32. Kulungan ng sanggol
34. Ik
35. Katagang panuring sa marami
36. Nota ng musika
37. Higit (huling pantig)
38. Katagang panghalip
39. Mga laglag na kanin
42. Masid
44. Pinuno ng estado ng Tibet (huling pangalan)
48. Likmo
49. Wikang pangbansa
51. Auto- kalesa
52. Bayan ni Lapu-lapu
54. Komikera sa radyo at puting-tabing
56. Ipalusot
58. Huling Raha ng Maynila
59. Tuklas na pagkain ni Mamon-luk
60. Tirahan ng mga asawa ng Datu
62. Yaman ng babae
63. Bigasang bayan (iniklian)
64. Likidong nakatutupok
65. Gulok
66. Nayon sa Los Banyos
67. Katagang pang-atas
68. Panimpla

**PABABA**

1. Tinilad
2. Iamot sa natalo
3. Komunista
4. Isama
5. Pigtal na
6. Ang kasalukuyang Persia
7. Lagot (unang pantig)
8. Baba
9. Dumating
10. Kapahintulutang nakasulat
11. Isaliwa
12. Gayahin
13. Balisa
21. Pangalang babae ng amerikano
23. Unlapi
25. Ubod ng ganda
29. Duming kumapit sa katawan
30. Uri ng himaymay
33. Pangalang moro
35. Isa pang nota ng musika
39. Tumungo sa simbahan
40. Gagawing umang
41. Tanyag na klub na dinalaw ni Lita Rio sa Amerika
42. Punong-tagapamahala ng Ospital Sto. Tomas
43. Ika-3 hari ng Israel
45. Pangalang hapones
46. Masalita
47. Pamaypay
49. May-akda ng "Mga pangunahing tauhang lalaki sa Noli ni Rizal" (pangtitik)
50. Gastos (huling pantig)
53. Senador na taga-Kabite (gitnang pangalan)
55. Yupi
57. Nandoon
58. Madulas at pinong kayo
61. Ka... (pangalang di-binyagan)

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Sagot sa Nakaraan

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| I | S | I | P | ■ | I | M | B | I | ■ | B | A | N | G | A |
| S | A | K | O | ■ | P | A | I | N | ■ | I | P | A | I | N |
| L | A | L | A | ■ | A | N | T | I | ■ | L | I | G | I | D |
| A | N | I | T | A | ■ | I | B | U | K | A | ■ | A | T | A |
| ■ | ■ | ■ | S | M | B | ■ | I | T | A | O | B | ■ | ■ | ■ |
| S | I | T | ■ | B | A | L | T | A | O | ■ | A | P | A | K |
| A | N | I | T | O | S | ■ | ■ | N | ■ | ■ | B | A | S | A |
| M | A | G | I | N | O | T | ■ | G | E | N | E | S | I | S |
| A | N | I | M | ■ | ■ | A | ■ | ■ | T | I | L | A | O | K |
| R | I | B | O | ■ | A | L | P | I | N | E | ■ | S | N | O |
| ■ | ■ | ■ | N | A | S | I | O | ■ | A | B | O | ■ | ■ | ■ |
| U | P | A | ■ | P | A | S | M | A | ■ | E | L | I | S | A |
| S | I | S | N | E | ■ | M | A | Y | A | ■ | I | T | A | K |
| A | S | N | A | N | ■ | A | D | A | N | ■ | B | I | B | A |
| D | A | O | N | G | ■ | N | A | N | G | ■ | O | K | A | Y |






## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Agosto 5

1. *Bb. Tomasa Valderrama* — Cash Dept., Central Bank, Maynila.
2. *Ireneo T. Cadsawan* — 939 Dakota Int., Malate, Maynila
3. *Gng. Isidra Topacio* — Bayang Luma, Imus, Kabite
4. *Bb. Pacencia Leoncio* — Pulo, Barihan, Malolos, Bulakan
5. *Gng. Natividad Madriñan* — Paeta, Laguna

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsion ng Panglinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: **PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.**

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng **PALAISIPAN** ay hindi pahahalagahan. * Ang mga nagsipanalo na sa **PALAISIPAN** na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbuhat, nang malathala ang mga pangalan ay hindi pahahalagahan.)

## Kuwento Ni Mabuti

(Karugtong ng nasa pah. 12)

niin ang nakababatid na siya'y hindi balo.

Walang pag-aalinlangang ang lahat ng maririkit niyang pangarap ay nakapaligid sa batang iyon. Isinalaysay niya sa amin ang mga katabilan niyon, ang palaki nang palaking mga pangarap niyon, ang nabubuong layunin niyon sa buhay. Minsan tila hindi namamalayang nakapagpahayag ang aming guro ng isang pangamba: ang pagkatakot niyang baka siya hindi umabot sa matatayog na pangarap ng kanyang anak. Malibai sa iilan-ilan sa aming pangkat ang paulit-ulit niyang pagbanggit sa kanyang anak ay isa lamang sa mga bagay na "pinagtitiisang" pakinggan sapagka't walang paraang maiwasan iyon. Sa akin, ang bawa't pagbanggit na iyo'y nagkaroon ng bagong kahulugan sapagka't noon pa ma'y nabubuo na sa aking isipan ang isang hinala.

Sa kanyang mga pagsasalaysay ay nalaman namin ang tungkol sa kaarawan ng kanyang anak, ang bagong kasuotan noong may malaking lasong pula sa baywang, ang mga kaibigan noong mga bata rin, ang kanilang mga handog. Ang anak niya'y anim na taong gulang na. Sa susunod na tao'y magsisimula na iyong mag-aral. At ibig ng guro naming maging manggagamot ang kanyang anak — at isang mabuting manggagamot.

Nasa bahaging iyon ang pagsasalita ng aming guro nang ang isa sa mga batang lalaki sa aking likuran ay bumulong: "Gaya ng kanyang ama!"

Narinig ng aming guro ang sinabing iyon ng batang lalaki. At siya'y nagsalita.

"Oo, gaya nga ng kanyang ama," ang wika niya. Nguni tumakas ang dugo sa kanyang mukha habang sumisilay ang isang pilit na ngiti sa kanyang labi.

Iyon ang una at huling pagbanggit sa aming klase tungkol sa ama ng batang may-kaarawan.

Natiyak ko noong may isang bagay ngang nalisya sa buhay niya. Nalisya nang ganoon na lamang. At habang nakaupo ako sa aking luklukan, may dalawang dipa lamang ang layo sa kanya, kumirot sa puso ko ang pagnanasang lumapit sa kanya, tanganan ang kanyang mga kamay gaya ng ginawa niya ng hapong iyon sa sulok ng silid-aklatan, at hilinging magbukas ng dibdib sa akin. Marahil, makagagaan sa kanyang damdamin kung may mapagtatapatan siyang isang tao man lamang. Nguni ito ang sumupil sa pagnanasa kong yaon: ang mga kamag-aaral kong nakikinig nang walang ano mang malasakit sa kanyang sinabing "Oo, gaya nga ng kanyang ama", habang tumatakas ang dugo sa kanyang mukha.

Pagkatapos, may sinabi siyang hindi ko na malilimutan kailanman. Tiningnan niya akong buong tapang na pinipigil ang panginginig ng mga labi at sinabi ang ganito: "Mabuti... mabuti! Gaya ng sasabihin nitong si Fe — Iyon lamang nakararanas ng mga lihim na kalungkutan ang maaáring makakilala ng mga lihim na kaligayahan. Mabuti, at ngayon, magsisimula tayo sa ating aralin..."

Natiyak ko noon, gaya ng pagkakatiyak ko ngayon, na hindi akin ang pangungusap na iyon, ni sa aking mga pagsasalita, ni sa aking mga pagsusulat. Nguni samantalang nakatitig siya sa akin nang umagang iyon, habang sinasabi niya ang pangungusap na iyon, nadama kong siya at ako ay iisa. At kami ay bahagi ng mga nilalang na sapagka't nakararanas ng mga lihim na kalungkutan ay nakakakilala ng mga lihim na kaligayahan...

At minsan pa, nang umagang iyon, habang unti-unting bumabalik ang dating kulay sa kanyang mukha, muli niyang ipinamalas sa amin ang mga natatagong kagandahan sa aralin namin sa Panitikan: ang kariktan ng katapangan, ang kariktan ng pagpapatuloy ano man ang kulay ng Buhay.

At ngayon, ilang araw lamang ang nakararaan buhat nang mabalitaan ko ang tungkol sa pagpanaw ng manggagamot na iyon. Ang ama ng batang iyong marahil ay magiging isang manggagamot din balang araw, ay namatay may ilang araw lamang ngayon ang nakalilipas. Namatay at naburol ng dalawang araw at dalawang gabi sa isang bahay na hindi siyang tinitirahan ni Mabuti at ng kanyang anak. At naunawaan ko ang lahat. Sa hubad na katotohanan niyon at sa buong kalupitan niyo', naunawaan ko ang lahat ...

**(X)**


# Dalisay na Pampalamig

***sa LAHAT ng pagkakataon!***




**Lasapin ang Pananabik ng Panlasa sa pag-inom ng ROYAL TRU-ORANGE**

Isinabotelya ng ROYAL SOFT DRINKS PLANT—Ari at Pinamamahalaan ng SAN MIGUEL BREWERY


Karapatdapat
Ipakipaglaban!
Sa tingin lamang ay kilala na ng marunong humitit ang mabuting sigarilyo—tulad din ng marunong pumili ng mainam na panoorin na nakatitiyak sa kagandahan ng "The Prince Who Was A Thief" ng U-I na tinatampukan nina Tony Curtis at Piper Laurie at malapit nang itanghal sa Times Theatre.
NANGUNGUNA SA PAGPAPASIGLA!
Pakinggan ang sumusunod na mga palatuntunan tuwing Miyerkoles sa DZPI: "Remote control broadcast" ng Novena sa Our Mother of Perpetual Help sa Simbahan ng Baclaran mula sa ika-6:00 hanggang ika-6:30 N.G. at ika-7:00 hanggang ika-7:30 N.G. at "Buhay Ng Mga Poon" mula sa ika-6:30 hanggang ika-7:00 N.G.
BUCCANEER
VIRGINIA
Cigarettes